NSW GOVERNMENT

What do I need to know if I want to appeal a suspension or expulsion?

Parent/carer information

# Ano ang kailangan kung malaman kung gusto kong mag-apela sa pagkasuspinde o pagkapatalsik?

## Impormasyon para sa magulang/tagapag-alaga

### Ano ang apela?

Ang apela ay ang paghiling na muling tingnan ang isang pagpapasya. Ito ay nangyayari dahil hindi mo gusto ang naging desisyon.

### Paano ako mag-aapela sa isang pagkasuspinde o pagkapatalsik?

Maaari kang mag-apela sa isang pagkasuspinde o pagkapatalsik kung sa paniniwala mo ay gumawa ang prinsipal ng hindi makatarungan na desisyon o hindi sinunod nang tama ang patakaran at mga tuntunin. Ang mga estudyante, magulang at tagapag-alaga ay maaaring magkumpleto ng isang porma ng pag-apela.

Maaaring maghain ng mga apela sa lokal na Opisina ng Edukasyon. Ang lokal na Opisina ng Edukasyon ay makakatulong sa iyong pag-unawa ng proseso. Maaari rin silang tumulong sa pagsulat ng apela. Ang paaralan ng iyong anak ay makapagbibigay ng impormasyon ng mga matatawagan sa iyong lugar ng lokal na Opisina ng Edukasyon.

Ang desisyon tungkol sa apela ay gagawin ng isang Direktor ng Pamunuan ng Edukasyon o Punong Direktor ng Pagganap sa Paaralan at magtatagal ng 15 hanggang 20 na araw ng pag-aaral upang maproseso. Tatawagan ka kung naihain na ang apela at kung may desisyon na. Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon, maaari kang tumawag sa lokal na Opisina ng Edukasyon kung saan inihain ang apela.

#### Resulta ng apela sa pagkasuspinde

Kung ang apela tungkol sa pagkakasuspinde ay aprubado, at ang gumawa ng desisyon at sumang-ayon sa iyong pakiusap, kokontakin ka ng principal upang matiyak na makakabalik sa paaralan ang iyong anak sa pinakamadaling panahon. Ang desisyon sa apela ay ilalagay sa talaan (student record) ng iyong anak at ang pagkasuspinde ay buburahin sa talaan ng iyong anak.

Kung hindi aprubado ang apela tungkol sa pagkasuspinde, at hindi sumang-ayon ang nagdesisyon sa iyong kahilingan, ang iyong anak ay mananatiling nakasuspinde hanggang sa napagkasunduang petsa.

#### Resulta sa apela ng pagkapatalsik

Kung ang apela sa pagkapatalsik ay aprubado, at ang nagdesisyon ay sumang-ayon sa iyong pakiusap, kailangang makipagtulungan ang prinsipal sa iyo upang maresolba ang anumang mga malalang pag-aalala sa kaligtasan at makapaglagay ng mga pansuportang hakbang upang ang iyong anak ay makabalik na sa paaralan. Ang desisyon sa apela ay ilalagay sa talaan (student record) ng iyong anak at ang pagkapatalsik ay buburahin mula sa mga talaan ng iyong anak.

Kung hindi aprubado ang apela sa pagkapatalsik, at hindi sumang-ayon ang nagdesisyon sa iyong kahilingan, maaaring may mga hanay ng ibang mapagpipilian ang iyong anak. Ang prinsipal ay makikipagtulungan sa iyo sa pagsasaayos ng kahaliling pagkatalaga na mas tugma sa mga pangangailangan ng iyong anak.

Kung hindi aprubado ang apela tungkol sa pagkapatalsik at ang iyong anak ay nasa edad na 17 taong gulang o mas matanda, ikaw at ang iyong anak ay dapat maghanap ng mga mapagpipilian para makapagpatuloy sa pag-aaral o makalipat sa trabaho.

### Anong impormasyon ang makukuha ko mula sa paaralan?

Maaari kang humingi sa paaralan ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung ano ang nangyari at bakit. Dapat ipaliwanag ng paaralan ang kadahilanan sa likod ng anumang mga desisyon, anong aksyon ang mangyayari at kung ano ang gagawin kung ikaw ay may isyu.

### Paano ako makakagawa ng reklamo?

May makukuhang impormasyon tungkol sa pag-aadbokasiya para sa iyong anak na makukuha para sa mga magulang. May impormasyon tungkol sa paggawa ng reklamo ang makukuha rin kung mayroon pa rin kayong mga pag-aalala tungkol sa proseso ng pagkakasuspendi o - sa pag-aapela sa pagkakapatalsik.

Ang impormasyon tungkol sa pakikipagtalakay sa mga paaralan ay nasa Karta ng Komunidad sa Paaralan.

### Ang serbisyo ng interpreter sa telepono

Kung gusto mong tawagan ang paaralan at kailangan mo ng tulong sa pag-Ingles, mangyaring tumawag sa serbisyo ng interpreter sa telepono sa 131 450. Sabihin sa kanila kung anong wika ang kailangan mo at makiusap sa opereytor na tawagan ang paaralan. Kukuha ang opereytor ng isang interpreter sa telepono upang tumulong sa iyong pakikipag-usap. Hindi ka pagbabayarin sa serbisyong ito.